



OPISINA NG BISE TSANSELOR PARA SA GAWAING PANGKOMUNIDAD

UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN

Quezon Hall, Diliman, Lungsod ng Quezon

Telepono: (632) 981-8500 local 8600, 8601

Telefax: (632) 928-2947 e-mail: ovcca.upd@gmail.com

Website: ovcca.upd.edu.ph



Ika-02 ng Pebrero, 2018

MEMORANDUM BLG. NTC – 18 – 09

Para Sa : Mga Kasapi ng Komunidad ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Paksa : Gawad Tsanselor Para Sa Natatanging Lingkod Komunidad

Gaganapin sa ika-07 hanggang ika-11 ng Mayo, 2018 ang Linggo ng Parangal ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Sa panahong ito, paparangalan ang mga natatanging guro, mananaliksik, kawani, at mag-aaral ng Unibersidad. Magbibigay din ng parangal sa Natatanging Lingkod Komunidad.

Kaugnay nito, binubuksan natin ang nominasyon para sa 2018 Gawad Tsanselor para sa Natatanging Lingkod Komunidad. Maaaring maging nominado sa categoryang ito ang isang indibidwal, grupo, o anumang organisasyon sa komunidad ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Bukas ang nominasyon mula ika-27 ng Pebrero hanggang ika-17 ng Marso, 2018.

Magiging pamantayan sa pagpili sa *Natatanging Lingkod Komunidad* ang mga sumusunod:

- I. ***Kalidad ng Serbisyong Naibigay sa Komunidad (40%).*** Magbigay ng listahan ng mga naisagawang proyekto at aktibidad sa nakaraang dalawang (2) taon. Isama sa write-up ang sukat ng oras at lakas-tao na nailaan sa komunidad.
- II. ***Epekto ng Paglilingkod sa Komunidad (40%).*** Ito ay patungkol sa mga pagbabago na naganap sa komunidad dulot ng serbisyo ng Lingkod Komunidad. Isama rin sa write-up kung gaano karami ang nagbenepisyo sa mga proyekto, aktibidad at iba pang serbisyo. Magbigay ng katibayan na naging sustainable ang mga proyektong nasimulan.
- III. ***Pagiging Katangi-tangi at Pagkamalikhain (20%).*** Mas bibigyan ng pahalaga ang mga proyektong malikhain at di-pangkaraniwan.

Kailangang makapagsumite ng *write-up* na may kaugnayan sa naging kontribusyon sa komunidad, inisyatiba at naipagkaloob na serbisyong may kinalaman sa kapaligiran, kalusugan, seguridad, kapayapaan, kaayusan, kultura at/o iba pa. Mangyaring isulat ito sa hindi lalagpas sa tatlong (3) pahina ng A4 *bondpaper*, gamit ang *Arial font*, size 11, *single space*, kung bakit karapat-dapat na kikilalanin ang isang indibidwal, grupo o anumang organisasyon, bilang *Natatanging Lingkod Komunidad*. Maglakip ng mga katibayang dokumento.

Ang magwawagi bilang *Natatatanging Lingkod Komunidad* ay mabibigyan ng sertipiko at gantimpalang nagkakahalaga ng Php65,000.00. Bukod ditto, mabibigyan din ng Php65,000.00 ang komunidad na kanyang pinaglaanan ng serbisyo.

Isumite ang nasagutang kalakip na *Pormularyo ng Nominasyon*, kasama ang mga katibayang dokumento, sa *Tanggapan ng Bise Tsanselor Para sa Gawaing Pangkomunidad* sa o bago ang ika – 5:00 ng hapon sa ika-15 ng Marso, 2018.

Kung may karagdagang katanungan, tumawag lamang kay Hazel Desierto sa *Tanggapan ng Bise Tsanselor Para sa Gawaing Pangkomunidad* sa telepono bilang 9282947 o 9818601 o email sa ovcca.upd@gmail.com.

Maraming salamat.



NESTOR T. CASTRO, PhD

Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad

2018 Gawad Tsanselor Para sa Natatanging Lingkod Komunidad

Pormularyo ng Nominasyon

Pangalan ng Nominado o Organisasyon:

Kolehiyo o Yunit o Organisasyon :

Address ng Organisasyon:

Telepono _____ **Email:** _____ **Bilang ng Stakeholder:** _____

Kasalukuyang Posisyon, Ranggo o Tungkulin ng Nominado: _____

Bilang ng Nabigyang Benepisyaryo sa Taong 2016 - 2017: _____

Bilang ng Oras o Panahong Serbisyong Naibibigay kada Buwan: _____

Bilang ng Taon ng Pagbibigay Serbisyo: _____

Dalas ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad: _____

Pangalang ng Nagnomindao: _____

Lagda ng Nagnominado: _____

Petsa ng Pagpirma: _____